REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
Telephone no. 861-0181/Fax: 862-6473
Email address: sangguniangpanlungsod2k19@gmail.com

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BILANG 2020-348

KAPASIYAHAN NA IPINAGKAKALOOB ANG AKREDITASYON NG ALABANG GMA TRANSPORT SERVICE COOPERATIVE NA MATATAGPUAN SA BARANGAY DELA ALAS, GMA, CAVITE.

****

Ipinanukala ni: ***Kgg. Kon. Ting Niefes***
Kgg. Kon. Mggl. Raul R. Corro
Kgg. Kon. Alexson V. Diaz
Kgg. Kon. Paty Katy C. Boncayao
Kgg. Kon. Louisito A. Arciaga
Kgg. Kon. Allan Rey A. Camilon
Kgg. Kon. Stephanie G. Teves
Kgg. Kon. Ivee Rhia A. Tadefa
Kgg. Kon. Inhr. Marissa C. Rongavilla – VIA ZOOM
Kgg. Kon. Francis Ian T. Bagatsing
Kgg. Kon. Mark Lester M. Baes
Kgg. Kon. Ma. Dhesiree G. Arevalo – VIA ZOOM
Kgg. Kon. Inhr. Mamerto T. Sevilla, Jr.
Kgg. Kon. Inhr. Arlene D. Hilapo
Kgg. Kon. Cornelio M. Martinez
Kgg. Kon. Walter A. Arcilla – VIA ZOOM
Kgg. Kon. Kenichi D. Takagi, Jr.

****

SAPAGKAT, alinsunod sa Seksiyon 34 ng Kodigo ng Lokal na Pamahalaan ng 1991, ***"tungkulin ng Lokal na Pamahalaan na itaguyod ang pagtatatag at operasyon ng mga pangmamamayan at di- pangpamahalaang samahan upang maging aktibong kasangga sa paghahangad ng lokal nan a awtonomiya"***;

SAPAGKAT, isinasaad ng Kautusang Panlungsod Bilang 01-024 na kinakailangang kumuha ng akreditasyon ang mga may-ari, namamahala at nagmamaneho ng mga pampublikong sasakyan na naghahanapbuhay sa loob ng Lungsod ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang **Alabang GMA Transport Service Cooperative** na matatagpuan sa **Barangay Dela Alas, GMA, Cavite** ay isang samahan na naglalayon ng serbisyong pang-transportasyon sa mga mamamayan na bumibyahe sa Lungsod ng Muntinlupa, matapos itong makakuha ng prangkisa sa Land Transportation Office and Transportation Franchising and Regulatory Board (LTO-LTFRB);

SAPAGKAT, ang pagbibigay ng akreditasyon sa **Alabang GMA Transport Service Cooperative,** ay bilang pagkilala lamang ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa sa kanilang samahan, at hindi pagbibigay pahintulot upang maging ganap ang kanilang layunin ng walang mga kaukulang dokumentong ipinagkakaloob ang Land Transportation Office-Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTO-LTFRB) para sa operasyon ng pangtransportasyong serbisyo;

SAPAGKAT, ang **Alabang GMA Transport Service Cooperative** ay sumasang-ayon, sumusunod at di lumalabag sa mga probisyon ng Ordinance No. 05-040 na inamyendahanng Ordinance No. 06-093 ng Sangguniang Panlungsod;